1 「Estado ng mga Panukalang pang Emergency tugon sa Pagkalat ng COVID 19

1 Mga Lugar

Buong Hokkaido

2 Itatagal na Panahon

Simula Abril 17 (Biyernes) ~ Mayo 6 (Miyerkules)

3 Detalye ng Pagsasagawa

Ayon sa Batas na Artikulo 45 tugon sa pagpigil sa pagkalat ng New Influenza at ang Artikulo 24 ng "Todoufuken/mga Preperektura" ay magkasamang isasagawa.

■ Wastong paraan upang maiwasang mahawa

- **Mahigpit na hinihiling sa mga mamamayan na ugaliing maghugas ng kamay at sundin ang tamang etiketa sa pag ubo at pagbahing.**

■ Kahilingan na manatili sa tahanan *【Simula Abril 17 hanggang Mayo 6】*

- Para sa mga mamamayan, pinakahihiling na manatili sa tahanan kung walang mahalagang pakay gaya ng pagpunta sa ospital, pag ehersisyo o paglalakad sa labas para sa kalusugan, pamimili ng pagkain at pangunahing pangangailangan sa tahanan.
- Para sa mga empleyado isagawa ang iba ibang oras ng pagpasok sa trabaho, iwasan ang 3 C (closed na lugar, Crowded na lugar, Close contact), Pagsasagawa ng teleworking.

- **Pinakamahigpit na hinihiling na iwasang pumunta lalu na sa mga lugar ng kainan at inuman sa downtown kung saan magkakaroon ng cluster infection.**

- Pinakahihiling na huwag lumabas o pumasok ng Preperektura kung walang mahalagang pakay lalu na sa darating na Golden week.. Iwasang umuwi sa hometown o mag sight seeing.

■ Kahilingan na itigil ang paggamit ng pampublikong pasilidad para sa mga okasyon at pagtitipon

- Hinihiling rin na huwag magsagawa ng mga okasyon at pagtitipon
  【Simula Abril 20 hanggang Mayo 6】
- Maliban dito, hinihiling na huwag magsagawa ng mga okasyon na magkakaroon ng 3 C
  【Simula Abril 17 hanggang Mayo 6】

■ Panatilihin ang 「Hokkaido Social Distancing」 *【Simula Abril 17 hanggang Mayo 6】*

- **Ito ay kahilingan sa mga mamamayan at mga negosyante na makiisa sa pananatili ng Social Distancing sa ating pang araw araw na pamumuhay upang maiwasan ang paglawak ng Corona virus at maagap na masugpo ito.**